

PARA AGARANG PAGLABAS

## **Ang Rehiyonal na Konsehal ng Brampton na si Rowena Santos ay napili sa 2020-2021 Board of Directors ng FCM**

BRAMPTON, ON (Oktubre 15, 2020) – Sa araw na ito, inanunsyo ng Federation of Canadian Municipalities (FCM) na ang Rehiyonal na Konsehal ng Brampton na si Rowena Santos ay napili sa [Federation of Canadian Municipalities Board of Directors](#) para sa isang taon na termino.

Naganap ang pagpili ng director mula Oktubre 5-7 at pinagtibay sa araw na ito sa Taunang Pangkalahatang Pagpupulong ng FCM.

Ang FCM ay ang pambansang boses ng pamahalaan ng munisipyo ng Canada ng Canada mula 1901. Kabilang sa mga miyembro ang higit sa 2,000 munisipyo sa lahat ng sukat, mula sa mga lungsod at rural na mga komunidad ng Canada, hanggang sa hilagang mga komunidad at 20 samahang panlalawigan at teritoryal na munisipalidad. Magkasama, kinakatawan nila ang higit sa 90 porsyento ng lahat ng Canadian sa bawat baybayin. Ang mga lider ng munisipyo mula sa buong Canada ay taon-taon na nagtitipon-tipon para itakda ang patakaran ng FCM sa mga mahahalagang isyu.

Ang mga aksyon ng Konseho ng Lungsod ng Brampton at ang [Termino ng mga Prayoridad ng Konseho](#) ay naglalarawan sa maraming munisipalidad ng Canada mula sa bawat baybayin, kabilang ang abot-kayang pabahay, transit, aksyon sa klima, na nagdiriwang sa pagkakaiba-iba at nagpapatupad sa patakaran kontra rasisno, at suporta sa COVID-19 para sa mga negosyo at mga komunidad para muling pasimulan ang ekonomiya nang ligtas.

### **Mga Quote**

“Ang Brampton ay lumaki mula sa pagiging isang rural na bayan, tungo sa isang suburban na komunidad, at ngayon ay nagiging isang masiglang sentrong urban bilang pansiyam na pinamakalaking munisipalidad ng Canada. Tulad ng ibang mga munisipalidad, sa loob ng paglalakbay na nahaharap natin, at magpatuloy sa pagharap sa mga hamon, ngunit natuto tayo ng marami sa mga karanasan natin. Isang karangalan at pribilehiyo ang makaupo sa board ng FCM kasama ang kapwa mga lider ng munisipyo sa buong bansa para ibahagi ang mga solusyon at magkasama itataguyod ang mga residenteng pinaglilingkuran natin. Inaasahan ko ang maghandang magtrabaho at gagawin ang lahat na magagawa natin para itaguyod ang Brampton, at lahat ng mga bayan at lungsod natin. Kapag nabubuhay ang ating mga bayan at lungsod, nabubuhay rin ang bansa natin.”

– *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton*

“Sa loob ng maraming taon, ang FCM ay gumanap ng mahalagang papel sa pagtataguyod sa mga pangangailangan ng mga komunidad ng Canada. Sa ngalan ng konseho, ipinagmamalaki ko na napili si Konsehal Santos para maglingkod sa ating Lungsod sa kapasidad na ito at naniniwala ako na ang kanyang pagpupunyagi at commitment ay magtitiyak na ang boses ng mga Bramptonian at mga residente ng Rehiyon ng Peel ay maririnig, na mabisang maghahatid sa epekto ng ating komunidad sa bawat araw.”

– *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at

pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)